Upang magkaroon ng maayang lugar na tinitirahan,

Sumali sa Samahan ng Komunidad (*Jichikai*)

Madaming isyu sa ating tirahan na hindi kayang lutasin mag- isa o ng ating pamilya lamang, tulad ng mga isyu sa pagtapon ng basura, ligtas- trapiko, pag-iwas sa pagkakasala ng mga kabataan, matatandang naninirahan mag- isa, pagpapanatili ng kalsada at kapaligiran, pag-iwas sa sunog, krimen at kalamidad. Importante na magkaisa at makipagtulungan sa ating komunidad upang makahanap ng solusyon dito.

Ang Samahan ng Komunidad (*Jichikai*) ay naglalayong lutasin ang mga isyu na ito para sa paninirahang may kaayusan.

Ano ang Samahan ng Komunidad?

Ang "Samahan ng Komunidad" o "*Jichikai"* ay isang organisasyon na binubuo ng mga lokal na nagtatakda at nagpapatupad ng mga patakaran para sa araw-araw na pamumuhay. Layunin ang magandang relasyon sa mga residente upang mapabuti ang kalidad ng pamumuhay at rehiyonal na pag- unlad. Sa lungsod ng Kani, madaming mga sambahayan ang kasapi. Nagtutulungan ang bawat miyembro, bata man o matanda, at kusang loob na lumalahok sa mga aktibidad na nagsusulong sa pag-unlad ng komunidad.

Sumali na sa Samahan ng Komunidad!

Ang Samahan na ito ang pinakamalapit na organisasyon kung saan maaaring makipag-ugnayan sa komunidad.

Sumama sa mga aktibidad ng komunidad at sama-samang itaguyod ang layunin para sa mapayapa at ligtas na tirahan.

Mayroon 134 na Jichikai sa loob ng 14 na malaking grupo ng mga Jichikai sa lungsod ng Kani. （Hanggang Abril 2018）

Main- *Jichikai*	Sub- *Jichikai*	Main- *Jichikai*	Sub- *Jichikai*
Imawatari	Imawataridai, Naruko, Shin-mei, Higashi Asama, Nishi Asama, Hachi-man, Sumiyoshi, Higashi Sumiyoshi	**Harusato**	Yato、Shio、Sakado、Shuga、Murohara, Nagahora、Shimizugaoka、Nihon Land、Misatogaoka、Sakadodai
Kawai	Kawai-Higashi, Kawai-Nishi, Kawai-Minami, Kawai -Kita	**Himeji**	Yabasama、Shimogirishita、Yamadera、Aoki、Ima、Kita Hime New Town、Mizukigaoka
Shimoedo	Tourinsen、Miyase、Imahiro、Kutsui, Furuichiba、Higashi Kamiyashiki、Nishi Kamiyashiki、Funaoka、Totetsu Danchi、Sawatari、Tokuno、Higashi Danchi, O K`Z、Zendaijisan New Town、Hiromidai、Green Polis Hiromi	**Hiramaki**	Hazaki-ku 、 Nino-ku 、 Oomori-ku 、 Midorigaoka, Hanyugaoka, Matsubuse, Omoridai, Hirabayashi, Miya-cho, Komatsuzaka、Okuyamadai, Hoshimidai,
		Sakuragaoka Haitsu	Sakuragaoka、Satsukigaoka, Kasumigaoka
		Kukuri	Kita-machi, Minami- machi, Kakishita, Hokubu, Tobu
Dota	Inohana、Sakae-cho, Higashiyama、Kamimachi Minami, Kamimachi Kita、Daio Seishi Shataku, Naka-machi, Higashi Shitamachi, Yuhigaoka, KYB Haimu, Yoko-cho, Nishi Shita-machi, Hanaken, Owaki, Kita-machi, KYB Kosei Shataku、Watarichu, Watako, Shimogiri, Horiguchi	**Hiromi Higashi**	Seta, Kakita, Fuchinoue, Hiragaido, Akechi, Ishimori, Shirasagi, Shiei Jutaku
		Hiromi	Ishii, Yamagishi, Shiei Jutaku、Hiromigaoka, Igawa, Tajiri, Chuo Dori, Kawa Kita, Tashiro, Josato, Toyaba, Bo Cosmos, Muraki
		Nakaedo	Maenami, Shinden, Ueno, Momotsuka Jutaku, Village House Kani, Suketaro Jutaku
Katabira	Nakagiri, Furuse, Minota 、Sugekari, Ishihara, Miyouga, Wakabadai, Nagasaka, Hatobukidai, Midori, Aigigaoka、Koyodai, Nijigaoka	**Kaneyama**	Akibadai, Uoya Higashi-machi, Uoya-cho, Hon-machi, Tokiwa-cho、Morizumi-cho, Miya-machi, Ryuei-cho、Shimo-machi

Mga aktibidad ng Samahan ng Komunidad:

Makipag-ugnay sa pagitan ng mga residente
(Newsletter / Pasahan ng impormasyon)

Pagpanatili ng kagandahan ng kapaligiran
(Pangangasiwa ng mga basura, Pagtanim ng bulaklak, paglinis sa paligid, atbp.)

Pag- iwas sa sunog at krimen

Disaster drills
(Pagsasanay upang maisagawa ang pagtutulungan sa pagitan ng mga naninirahan sa komunidad sa oras ng kalamidad)

Ligtas-trapiko at suporta sa mga lokal na samahan at pagtitipon.

Libangan na gawain
(Pista / Pampalakasan)

Paano Sumali:
① Kausapin ang Chairperson ng Samahan (*Jichi Kaichou*) o Kinatawan ng Group (*Hanchou*) malapit sa inyong lugar.
② Kung kayo ay nakatira sa apartment, magtanong sa may-ari (*oya-san*) o ang mga administrator ng gusali.

Para sa mga katanungan:
Kani Neighborhood Liaison Council (Kani-shi Jichikai Renraku Giyoukikai)
Kani City Resident Division
Regional Development Division
TEL: 0574-62-1111 EXT: 2101/2102
(O sa pinakamalapit na *Renrakusho* sa inyo)